

Mga Programa ng Pang-emerhensyang Tulong sa Upa ng San Francisco – Mga Madalas Itanong (mga FAQ).

TANONG	PROGRAMA NG LUNGSOD	PROGRAMA NG ESTADO
Anu-ano ang mga ini-aatas sa pagiging karapat-dapat?	<p>Ikaw ay kailangang: (a) maging isang nangungupahan na nakatira sa San Francisco, na may hindi nabayaranang upa o mga utilidad; (b) nakaranas ng pinansyal na kagipitang nauugnay sa pandemyang COVID-19; AT (c) may kita ng sambahayang nasa o mababa sa 80% ng Area Median Income (AMI, Karaniwang Kita sa Lugar). *</p> <p>*Halimbawa, 80% AMI para sa indibidwal ay \$102,450; ang isang tao na walang asawa na kumikita ng mahigit dito ay hindi magiging karapat-dapat para sa tulong sa upa. 80% AMI para sa pamilyang may apat na miyembro ay \$146,350; kung ang sambahayang may 4 na miyembro ay lumampas doon, hindi sila magiging karapat-dapat sa tulong sa upa.</p>	
Anong mga buwan ang saklaw?	Abril 2021 at ang mga sumunod na buwan	Abril 2020 hanggang Marso 2021
Mayroon bang pinakamalaking halaga ng tulong na maaaring ibigay?	Wala. Ngunit, may mga limitasyon sa bilang ng mga buwan ng tulong.	
Paano uunahin ang mga aplikasyon?	<p>Pag-aaralan ang mga aplikasyon habang dumarating ito ay hindi first come, first served.</p> <p>Uunahin ang mga aplikasyon sa pamamagitan ng screening upang malaman ang pagiging vulnerable sa antas na pang-ekonomiya at panlipunan ng residente. Ang mga may priyoridad na aplikasyon ay ang mga tumutugon sa hangganan ng pagiging vulnerable ng programa. Iba't ibang salik ng pagiging vulnerable ang isinasaalang-alang kapag pinagpapasyahan ang mga may priyoridad na aplikasyon. Kabilang dito ang kawalan ng tirahan sa nakaraan, napakababang kita, bumubuo sa pamilya at iba pang mga salik.</p>	<p>Patuloy na tinatanggap ang mga aplikasyon at ito ay hindi first come, first served.</p> <p>Una munang binibigyan ng priyoridad ng Programa ang mga aplikanteng ang kita ng sambahayan ay nasa o mababa sa 50% ng Area Median Income (AMI) o sa pagitan ng 50-80% AMI na may siyam o higit pang mga buwan ng hindi nabayaranang upa.</p> <p>Pagkatapos ay binibigyan ng priyoridad ng Programa ang mga aplikante sa mga komunidad na lubos na naapektuhan ng COVID-19 bago sa panghuli ay ipoproseso ang lahat ng iba pang karapat-dapat na aplikasyon batay sa pagpopondong mayroon.</p>

	Ang mga prioridad na aplikasyon lamang ang pipiliin para sa pinansyal na tulong.	
Mahalaga ba ang katayuang pang-imigrasyon?	Hindi. Hindi itatanong sa iyo ang tungkol sa katayuang pang-imigrasyon.	
Maaari ba akong mag-apply sa parehong programa?	Oo. Dahil ang mga programa ay angkop sa magkakaibang panahon at mayroong magkakaibang prioridad, maaaring mainam na gawin ito. Kung mag-a-apply ka sa parehong programa, hindi ka maaaring tumanggap ng tulong para sa mga buwang tumatanggap ka na ng tulong. Dapat mong otorisahan ang mga programang magbahagi ng data upang maberepika ang iyong impormasyon sa aplikasyon at upang matiyak na ang upa ay hindi ibinayad para sa mga parehong buwan. Dapat mo ring isiwalat ang anumang tulong sa upa na natanggap mo sa pamamagitan ng programang ito o iba pang mga programa.	
Napunan ko na ang aplikasyon para sa Give2SF. Gagamitin ba ninyo ang aplikasyong iyon?	Hindi. Magkakaibang programa ang mga ito. Nagtapos na ang Give2SF Housing Stabilization Program.	
Ang unit na inuupahan ko ay maaaring hindi itinayo na may mga permit. Magpapadala ba ang Lungsod ng mga inspektor kung mag-a-apply ako para sa tulong?	Maaari kang mag-apply at maging karapat-dapat para sa tulong sa upa, itinayo man ang iyong tirahan na may mga permit. Ang impormasyong ibibigay mo ay hindi gagamitin para sa ibang mga layunin.	
Paano kung wala akong mga pay stub o iba pang mga dokumentong nagpapakita ng bumabang kita o tumaas na mga gastusin?	Maaaring gamitin ang ibang mga pamamaraan para idokumento ang kita at mga gastusin, kabilang ang sariling pagpapatunay. Ngunit, gawin ang iyong pinaka makakaya para malikom ang mga dokumentong ito nang maaga para mas mabilis na makausad sa proseso.	
Kung naaprubahan ang aking aplikasyon (ang lahat ng kinakailangang impormasyon ay beberipikahin), ano ang susunod na mangyayari?	Babayaran ng Programa ng Lungsod ang hanggang 3 buwan na hindi nabayaranang upa at 3 susunod na buwan ng upa. Halimbawa, kung ang iyong aplikasyon ay inaprubahan noong Hunyo 2021, ang Programa ng Lungsod ay magbibigay ng tulong sa upa para sa Abril-Hunyo (hindi nabayaranang upa)	Makikipag-ugnay ang Programa ng Estado sa nagpapaupa at hihilinging sumang-ayon siyang ipagpaliban ang 20% ng hindi nabayaranang upa. Kung sasang-ayon siya, babayaran ng Programa ng Estado ang natitirang 80% ng hindi nabayaranang upa. Kung hindi sasang-ayon ang nagpapaupa, babayaran ng Programa ng Estado nangungupahan ng 25%

	at Hulyo-Setyembre (susunod na buwan ng upa). Makikipag-ugnay sa iyo nang pana-panahon hinggil sa mga update sa katayuan ng aplikasyon ang isa sa ilang organisasyong pangkomunidad.	ng hindi nabayaranang upa. Makikipag-ugnay sa iyo nang pana-panahon hinggil sa mga update sa katayuan sa pamamagitan ng email.
Paano kung hindi nakikipagtulungan ang nagpapaupa/kasero(a) ko sa programang ito?	Dapat munang subukan ng mga Programa ng Estado at Lungsod na makipagtulungan sa mga nagpapaupa sa pagkuha ng impormasyon/mga dokumentong kailangan nila. Ngunit, kung hindi tutugon o makikipagtulungan ang nagpapaupa, ang mga programa ay maghahandog ng mga kabayaranang direktang ibibigay sa nangungupahan na napapailalim sa mga patakaran ng programa. Ang pinansyal na tulong ay maaaring mas mababa kaysa kung makikipag tulungan ang nagpapaupa sa programa.	
Kung tatanggapin ng may-ari ang tulong sa upa, may pagkakautang pa rin ba ako sa upa?	Hindi, wala ka nang pagkakautang sa upa para sa mga buwan na saklaw nito.	Hindi, wala ka nang pagkakautang sa upa para sa mga buwan na saklaw nito.
Wala pa rin akong trabaho at hindi pa rin ako makakabayad ng upa. Karapat-dapat ba akong mag-apply?	Oo. Hindi mo kailangang magkaroon ng kakayahang makapag bayad ng upa, upang maging karapat-dapat para sa tulong sa upa.	
Gaano katagal ang aabutin para mai-proseso ang aking aplikasyon?	Maaaring abutin ng dalawa hanggang tatlong linggo mula sa pagsusumite ng aplikasyon hanggang sa pag-alam kung pinili ang iyong aplikasyon para sa tulong. Huwag magsumite ng maraming aplikasyon dahil pinababagal nito ang buong proseso. Kung pinili para sa tulong ang iyong aplikasyon, ang natitirang bahagi sa proseso ay maaaring abutin ng dalawa hanggang anim na linggo, depende sa dami ng mga aplikasyon.	
Karapat-dapat bang mag-apply ang mga subtenant (pangalawang nangungupahan) sa master	Ang mga subtenant ay karapat-dapat para sa tulong nang hindi kabahagi ang master tenant.	Karapat-dapat para sa tulong nang mga subtenant kung ang master tenant ay mag-aaply rin para sa tulong sa parehong aplikasyon.

tenant (punong nangungupahan na awtorisado ng kasero(a))?		
Paano kung magkakasamang umuupa ilang magkakaibang pamilya sa tirahan o apartment, maaari ba silang mag-apply nang magkakahiwalay?	Sila ay itinuturing ng Programa ng Lungsod na magkakahiwalay na sambahayan. Ang bawat sambahayan ay kailangang mag-apply nang magkakahiwalay.	Sila ay itinuturing ng Programa ng Estado na iisang sambahayan. Ang lahat ng miyembrong nakatira sa bahay o apartment ay dapat sama-samang mag-apply sa iisang aplikasyon.
Paano kung humiram ako ng pera at walang utang sa upa?	Karapat-dapat ka pa ring mag-apply dahil ang Programa ng Lungsod ay hindi lamang binabayaran ang hindi nabayaranang upa ngunit pati na rin ang upa sa hinaharap. Ngunit, maaaring hindi bigyan ng prioridad ang iyong aplikasyon.	Karapat-dapat ka lang kung may pagkakautang kang upa para sa saklaw na panahon.
Paano kung lumipat ako dahil hindi ako makabayad ng upa, ngunit may pagkakautang pa rin sa nakaraang upa?	Ang parehong Lokal na Programa at Lokal na Programa ay isinasaalang-alang ang paglilingkod sa mga sambahayang ito. Ngunit, sa pagkakataong ito, ang mga sambahayang ito ay hindi karapat-dapat na mag-apply.	
Paano ako mag-a-apply?	Mangyaring mag-apply online sa https://sf.gov/renthelp simula sa Mayo 28 . Lubos ka naming hinihikayat na mag-apply sa sarili mong paraan kung kaya mo. Nariyan ang mga organisasyong pangkomunidad para tulungan ka sa pagkumpleto ng online na aplikasyon. Mayroong mga papel na aplikasyon ngunit kailangan itong mailagay sa online na aplikasyon para maisumite. Nariyan ang mga organisasyong pangkomunidad upang matulungan ang mga aplikanteng sumagot sa papel na aplikasyong magsumite ng online na aplikasyon.	Makukuha ang online na aplikasyon sa housingiskey.com . Nariyan ang mga organisasyong pangkomunidad para tulungan ka sa pagkumpleto ng online na aplikasyon. Mayroong mga papel na aplikasyon ngunit kailangan itong mailagay sa online na aplikasyon para makapagsumite ng aplikasyon.

Kailangan ko bang magbayad para makapag-apply o makakuha ng tulong sa pag-apply?	<p>Hindi mo kailangang mabayad! Libre ang aplikasyon! Mayroong mga organisasyong pangkomunidad na may kasanayan na maaaring magbigay ng tulong. Mahahanap mo ang mga ito sa pamamagitan ng pagtawag sa 211 o online sa www.sfadc.org.</p> <p>Kung ang tao o organisasyon ay naghandog ng tulong sa iyo sa iyong aplikasyon nang may singil, mangyaring i-report ang mga ito sa www.sfadc.org.</p>	
Maaari ba akong mag-apply para sa tulong kung nakatira ako sa pabahay na may subsidyo ng Lungsod o Pederal na Pamahalaan?	Oo.	
Sinabi ng nagpapaupa sa akin na mag-a-apply sila para sa akin. Pinahihintulutan ba ito? Paano kung gusto kong ako mismo ang mag-a-apply?	<p>Ang mga nangungupahan lamang ang maaaring mag-apply. Dapat magbigay ang mga nagpapaupa ng partikular na impormasyon/mga dokumento, gaya ng halaga ng hindi nabayaranang upa at punan ang W9.</p>	<p>Maaaring mag-apply ang nagpapaupa o nangungupahan. Ang mga nagpapaupa ay maaaring magsumite ng mga aplikasyon sa ngalan ng mga nangungupahan, ngunit dapat sumang-ayon ang mga nangungupahan na makibahagi sa programa bago maibigay ang tulong sa upa.</p> <p>Hindi kailangang ibigay ng mga nangungupahan ang kanilang personal na impormasyon/mga dokumento sa nagpapaupa dahil maaari nila itong ibigay nang direkta sa programa kung gusto nila.</p>
Ligtas ba ang aking impormasyon? Paano ito magagamit?	Oo. Ang parehong programa ay nag-aatas ng mahigpit na mga protokol sa sistemang panseguridad at pagkapribado ng datos.	
Paano ko malalaman kung nagawaran ako ng tulong?	<p>Isa sa mga Community Partner ng Lungsod ang makikipag-ugnay sa iyo sa pamamagitan ng email o telepono tungkol sa mga susunod na hakbang sa proseso ng aplikasyon.</p>	<p>Makikipag-ugnay ang Programa sa iyo at sa nagpapaupa sa iyo sa pamamagitan ng email tungkol sa mga susunod na hakbang sa proseso ng aplikasyon.</p>
Maaari ba akong umapela kung hindi ako nagawaran ng tulong?	Hindi. Ngunit kung natuklasan mong hindi tumpak ang impormasyon sa iyong aplikasyon, maaari kang makipag-ugnay sa isang Community Partner	

	para itama ang iyong aplikasyon at muli itong ipa-screen.
Ano ang gagawin ko kung hindi ako nagawaran ng tulong? Maaari ba akong paalisin sa aking tirahan?	Ang ilang buwan ng hindi nabayaran upang ay itinuturing na "hindi mapapaalis sa tirahan" kung may kinalaman ang mga ito sa pandemyang COVID-19. Para sa higit pang kaalaman, mag-click dito .
Nakatanggap ng tulong ang aking kapitbahay, ngunit ako ay hindi. Bakit?	Inuuna ng mga Programa ang mga aplikasyon sa isang salik na isinasaalang-alang ang pagiging bulnerable ng sambahayan. Ang bawat sambahayan ay katangi-tangi.
Nagbabanta ang nagpapaupa sa akin na paaalisin ako kung hindi ako magbabayad ng upa. Ano ang gagawin ko?	Mayroon kang mga karapatan! Bumisita sa website ng San Francisco Anti-Displacement Coalition .